# UNOS

Nagising akong naririnig ang mga suntok ng ulan sa aming yero. Sinisipa rin ng mga dahon at sanga ang aming dingding na kahoy.

"Mama!" sigaw niya at itinuro ang pinto. Nakita kong unti-unting gumagapang ang tubig patungo sa aming paanan.

"Bing!" madali kong sinabi. Namutla siya habang kinukuha ko ang puting trapal sa papag. "Sige na, 'Nak, patulong na muna at baka ..."

"Opo, 'Nay, bibilisan ko po," sambit niya habang tinutulungan ako. Maging ako, takot ding marinig ang kasunod ng aking sasabihin.

"'Nak, pakihanap naman ang panali natin. Kukunin ko lang 'yong mga kailangan. Ipambabalot natin 'yang trapal."

Lumakad ako sa kusina at dama ko ang mga tulo sa aking braso, likod, at bunbunan. Madali kong kinuha ang mga sardinas, instant noodles, at iba pang makakayang dalhin. Sa malakas na pagpalakpak ng langit, nagdilim ang maliit naming mundo.

"'Nay, kailangan natin ng kandila!" sigaw niya.

"Dala ko, 'Nak! Nahanap mo na ba ang panali?"

"'Nay, mga susuotin na lang natin ang kulang, 'Nay!" Lumakas na

ang boses niya. Magkalapit na kami. Habang nangangapa ay inabot ko ang kandila at posporo sa kanya.

“Pakisindihan muna, ‘Nak. Dalawa, ha, at kukunin ko sa kabinet ang mga damit natin.”

“‘Nay,” pahikbi niyang sinabi, “Paano kung …”

“‘Nak … Sige na, sindihan mo muna.”

“Wala po bang sasagip sa ‘tin, ‘Nay?” Saka lumiwanag nang bahagya.

Hindi na ako nakasagot, maging ang puso ko’y lumulubog na rin sa pag-angat ng tubig. Natulala na lamang ako sa nailawang trapal na dala niya. Nakaimprenta rito ang isang mukha at sa itaas ay may mga salitang: *“TUDERDE, IBOTONG PRESIDENTE SA 2046!”*

Saka ko naalala ang pag-upo niya sa posisyon. Pagkakuha ng mga damit, pagalit akong sumagot kay Bing, “Basta, anak, alalahanin mo, Diyos lang ang hindi natutulog.”